


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 1: Isang Bansa ang Pilipinas, Isigaw nang Malakas!



Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 1: Isang Bansa ang Pilipinas, Isigaw nang Malakas!

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Iren A. Nunez
Editor:	Ma. Leilani R. Lorico Mary Roselyn D. Berja
Tagasuri:	Ana N. Calisura Jerry P. Ramirez
Tagaguhit:	Noel A. Perez
Tagalapat:	Edsel D. Doctama John Paul T. Dacillo
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Francisco B. Bulalacao Jr. Grace U. Rabelas Ma. Leilani R. Lorico Marites B. Tongco

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Unang Markahan – Modyul 1:
Isang Bansa ang Pilipinas,
Isigaw nang Malakas!**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalaala, pantulong o estratihyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat din ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makakaranas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mga mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Masayang pagbati sa sa'yo! Sa ikatlong baitang naipagmalaki mo ang pagiging bahagi ng rehiyong iyong kinabibilangan. Higit mo ngayong mapalalawak ang iyong kaalaman tungkol sa Pilipinas bilang isang bansa at ang mga katangiang taglay nito para matawag na isang bansa.

Pamantayang Pangnilalaman

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa.

Pamantayan sa Pagganap

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba't ibang lalawigan at rehiyon ng bansa.

Pamantayan sa Pagkatuto

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
Natatalakay ang konsepto ng bansa.



Kumusta kaibigan? Alam mo ba kung sino at bakit ako narito? Ano kaya ang magiging papel ko sa pagsama sayo sa modyul na ito?

Ako ay si AP Lapis “at your service”! Ang magiging gabay mo sa bawat araling magpapatalas ng iyong isip.

Nawa’y masiyahan ka habang ako ang iyong kasa-kasama.



Subukin

Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang ipinapahiwatig ng salita o mga salitang may salungguhit at MALI kung ito ay di-wasto. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 10 minuto

1. Ang Pilipinas ay may sariling teritoryo na binubuo ng 7 641 na mga isla.
2. Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng dalawang elemento.
3. Ang Pilipinas ay isang bansa.
4. Walang naninirahang mga tao sa lupain ng Pilipinas.
5. Hindi kasama sa teritoryo ng Pilipinas ang katubigan at kalawakan sa itaas nito.
6. Pinamumunuan ang Pilipinas ng isang pamahalaan.
7. Magkakatulad ang kulturang pinanggalingan ng mga Pilipino.
8. May sariling kapangyarihan ang Pilipinas na mamahala sa buong nasasakupan nito.
9. Maituturing na bansa ang alinmang teritoryo kahit wala itong sariling kapangyarihang mamahala.
10. Kailangang may sariling pamahalaan ang isang bansa upang mapanatili nito ang kaayusan sa buo nitong nasasakupan.

Aralin**1****Isang Bansa ang Pilipinas,
Isigaw nang Malakas!*****Tuklasin*****WORDY PICK**

Suriin ang lupon ng mga salita sa ibaba. Bilugan ang mga salitang sa palagay mo ay may kaugnayan sa Pilipinas. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 5 minuto.

X	W	A	T	A	W	A	T	A	K
P	A	M	A	N	G	G	A	G	J
B	U	L	K	A	N	K	C	I	G
D	F	T	Y	G	X	Z	X	L	Y
K	A	L	A	B	A	W	C	A	V
Z	D	F	M	A	Y	O	N	O	X

Maraming mga bagay ang katangi- tangi sa Pilipinas. Ilan lamang ang mga salitang nakuha mo mula sa kahon. Marami pang mga katangian ang Pilipinas na dapat mong malaman at maipagmalaki. Handa ka na bang tuklasin ang mga ito?



Handa ka na bang tuklasin
ang katangian ng
Pilipinas? Tara na!




Suriin

Ano ang mga katangiang mayroon ang Pilipinas upang masabi itong bansa? Basahin at unawain ang maikling teksto tungkol sa kung ano ang bansa. Gawin ito sa loob ng 20 minuto.

Ang **bansa** ay isang lugar na may naninirahang grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggagalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon at lahi. Ang isang bansa ay dapat nagtataglay ng apat na elemento ng pagkabansa. Ano ang mga katangiang mayroon ang isang lugar para matawag na isang bansa?

Pag-aralan ang grapikong presentasyon sa ibaba.

Ang bawat bansa ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian o elemento ng pagkabansa.



Hindi maituturing na bansa ang isang lugar kung may isa o higit pang kulang sa alinman sa apat na binanggit na elemento.

Sa kasalukuyan, may mahigit dalawang daan na bansa ang nagtataglay ng apat na elemento ng pagiging ganap na bansa.

Ilan sa mga lugar sa mundo na maituturing na bansa ay ang United States of America, Australia, Saudi Arabia, China at marami pang iba.



TAO

Ang tao ay tumutukoy sa grupong naninirahan sa loob ng teritoryo na bumubuo ng populasyon ng bansa.

TERITORYO

Ang teritoryo ay tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan kasama na ang himpawid at kalawakan sa itaas nito. Ito rin ang tinitirhan ng mga tao at pinamumunuan ng pamahalaan.

PAMAHA-LAAN


Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinaguyod ng mga grupo ng taong naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan.

SOBERANYA

Ang soberanya o ganap na kalayaan ay tumutukoy sa kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kanyang nasasakupan.

Tumutukoy rin ito sa kakayahang magpatupad ng mga programa nang hindi pinakikialaman ng ibang bansa.

May dalawang anyo ng soberanya ang bawat bansa:




Ang Pilipinas ay nagtataglay ng apat na elemento ng pagiging ganap na bansa. Ito ay may sariling teritoryo na binubuo ng 7 641 na maliliit at malalaking mga pulo. Umaabot naman sa mahigit 300 000 kilometro kuwadrado ang lawak na sakop nito. Pilipino ang tawag sa mga naninirahang tao sa Pilipinas. May pamahalaan itong nagpapanatili sa kaayusan ng buong bansa. At higit sa lahat, may sarili itong soberanya o ganap na kapangyarihang mamahala at magpatupad ng mga batas para sa buo nitong nasasakupan

Ang Pilipinas ay isang bansa dahil taglay nito ang mga katangian ng pagkabansa. Ito ay nagtataglay ng tao, teritoryo, pamahalaan at soberanya o ganap na kalayaan.

Ikaw, kabilang ka ba sa bansang Pilipinas?

Pinagkunan: Department of Education. *Araling Panlipunan 4, Learner's Materials*. Pasig City: Instructional Materials Secretariat (DepEd-IMCS), 2015



Pagyamanin

PICK-A-PIC

Piliin sa mga sumusunod na larawan ang mga elemento ng isang bansa na taglay ng Pilipinas. Isulat ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.



A



B



C



D



E

TAKE THE PIC

Gamiting gabay ang simbolo sa ibaba upang mabuo ang maikling sanaysay tungkol sa paksang napag-aralan mo. Isulat ito sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.



SOBERANYA



TAO



TERITORYO



PAMAHALAAN



BANSA

Ang Pilipinas ay isang ____ na may naninirahang mga ____, may sariling ____, may ____ na nangangalaga sa mga ito at may ____ o ganap na kalayaan upang mapamahalaan ito.


TAMA o MALI

Suriin ang sumusunod na pahayag. Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang pahayag at MALI naman kung hindi wasto. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

1. Umiiral ang dalawang uri ng soberanya sa Pilipinas.
2. Umaabot sa 500 000 kilometro kuwadrado ang lawak ng teritoryo ng Pilipinas.
3. Maituturing na isang bansa ang alinmang teritoryo kung nagtataglay ito ng apat na elemento ng pagiging bansa.
4. May sariling pamahalaan ang Pilipinas na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan nito.
5. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng iba't ibang dayalekto ngunit iisa ang wika nito.

PUNUAN MO

Punan ng tamang titik ang graphic organizer upang matukoy ang mga elementong taglay nito ng pagiging isang bansa. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.



SAKTO LANG

Basahin ang mga pahayag sa unang talahanayan sa ibaba at piliin ang tinutukoy na sagot mula sa mga pagpipilian sa bawat hanay ng S-A-K-T-O sa ikalawang talahanayan. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 5 minuto.

S	Grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo na bumubuo sa populasyon.
A	Ang uri ng soberanya na pangalagaan ang nasasakupang teritoryo.
K	Kataas-taasang kapangyarihan ng bansa.
T	Ang tawag sa Pilipinas sa pagkakaroon ng apat na elemento ng pagkabansa.
O	Tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito.

S	A	K	T	O
BANSA	SOBERA-NYA	MAMAMA-YAN	TAO	TERITOR-YO
TERITOR-YO	PANLOOB	SOBERANYA	BANSA	PANLOOB
PAMAHA-LAAN	TAO	FREE	KALAYAAN	PANLABAS
PILIPINAS	BANSA	MALAYA	KAPANG-YARIHAN	BANSA
TAO	KALAYAAN	ELEMENTO	PILIPINAS	TAO



Nasiyahan ka bang maglaro ng SAKTO? Naalala mo ba ang mga napag-aralan mo? Tara palawakin pa natin!



Isaisip

EXPRESS-MO

Gumawa ng maikling sanaysay batay sa iyong natutunan tungkol sa pagiging isang bansa ng Pilipinas. Gamiting gabay ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 10 minuto papel.

1. Ang Pilipinas ba ay isang bansa?
2. Ilang elemento ng pagkabansa ang taglay ng Pilipinas?
3. Ano ang mga ito?
4. Kailan masasabing bansa ang isang lugar?
5. Batay sa iyong napag-aralan, bakit tinatawag silang bansa?

Rubriks sa Paggawa ng sanaysay

Puntos	Deskripsyon
5	Nakagawa ng makabuluhang maikling sanaysay tungkol sa napag-aralang konsepto ng isang bansa.
4	Nakagawa ng maayos at maikling sanaysay tungkol sa napag-aralang konsepto ng isang bansa.
3	Nakagawa ng maikling sanaysay ngunit limitado ang ideya tungkol sa napag-aralang konsepto ng isang bansa.
1	Nakagawa ng maikling sanaysay ngunit hindi malinaw ang mga ideyang ipinahahayag.



Isagawa

Gumawa ng isang maikling repleksyon tungkol sa natutunang konsepto ng bansa. Paano nito nabago ang pananaw mo bilang isang mamamayang Pilipino? Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 10 minuto.

Rubriks sa Paggawa ng Repleksyon

Puntos	Deskripsyon
5	Nakagawa ng isang makabuluhang sariling repleksyon tungkol sa natutunang konsepto ng bansa na nagpapahayag ng malinaw na pananaw bilang isang mamamayang Pilipino.
4	Nakagawa ng sariling repleksyon tungkol sa natutunang konsepto ng bansa na nagpapahayag ng maayos na pananaw bilang isang mamamayang Pilipino.
3	Nakagawa ng sariling repleksyon tungkol sa natutunang konsepto ng bansa ngunit limitado ang kaisipan bilang isang mamamayang Pilipino.
1	Nakagawa ng repleksyon tungkol sa natutunang konsepto ng bansa ngunit kulang at limitado ang kaisipan.



Tayahin

Piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 10 minuto.

1. Ang Pilipinas ay isang _____.
 - A. bansa
 - B. lugar
 - C. lungsod
 - D. probinsya
2. Ilang elemento ng pagkabansa ang taglay ng Pilipinas?
 - A. isa
 - B. apat
 - C. tatlo
 - D. dalawa
3. Ito ang tawag sa taglay na kapangyarihan ng Pilipinas na pamahalaan ang nasasakupan nito.
 - A. tao
 - B. teritoryo
 - C. soberanya
 - D. pamahalaan
4. Ang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng _____ na malalaki at maliliit na pulo.
 - A. 7 101
 - B. 7 190
 - C. 7 641
 - D. 7 601
5. Ito ang tawag sa grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo.
 - A. tao
 - B. bansa
 - C. teritoryo
 - D. pamahalaan

6. Ito ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng sibilisadong lipunan.
- A. tao
 - B. bansa
 - C. teritoryo
 - D. pamahalaan
7. Ang sumusunod ay mga elementong taglay ng Pilipinas upang ituring itong isang bansa, alin ang HINDI?
- A. tao
 - B. teritoryo
 - C. soberanya
 - D. kayamanan
8. Umaabot sa _____ kilometro kuwadrado ang lawak ng teritoryo ng ating bansa.
- A. 4 000
 - B. 2 500
 - C. 300 000
 - D. 100 000
9. Alin sa mga sumusunod ang apat na elemento ng pagkabansa?
- A. Tao, teritoryo, pamahalaan at soberanya
 - B. Teritoryo, soberanya, tao at kapangyarihan
 - C. Teritoryo, pamahalaan, soberanya at likas na yaman
 - D. Tao, pamahalaan at soberanyang panloob at panlabas
10. Alin sa mga sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa Pilipinas?
- A. Ang Pilipinas ay may dalawang elemento lamang ng pagkabansa.
 - B. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng maraming wika.
 - C. Hindi maaaring ituring na bansa ang Pilipinas dahil maliit lamang ang teritoryo nito.
 - D. Matatawag na bansa ang Pilipinas dahil nagtataglay ito ng apat na elemento ng pagkabansa.



Karagdagang Gawain

Gawain 1

Ang watawat ng Pilipinas ay simbolo ng bansa. Iguhit ang watawat sa isang papel. Isulat sa itaas na bahagi ang sarili mong pagpapakahulugan sa isang bansa. Isulat naman sa ibabang bahagi ang dahilan kung bakit isang bansa ang Pilipinas. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 5 minuto.

	Ang isang bansa ay _____.
	Isang bansa ang Pilipinas dahil _____.

Gawain 2

Hanapin sa ibaba ang mga mahahalagang salitang napag-aralan mo sa modyul na ito. Bigyan ito ng kahulugan ayon sa iyong pagkakaunawa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

W	B	A	N	S	A	Q	K	A	O
I	W	G	T	Y	O	U	X	V	S
S	O	B	E	R	A	N	Y	A	C
T	G	E	Y	T	A	O	X	F	A
P	A	M	A	H	A	L	A	A	N
T	E	R	I	T	O	R	Y	O	O

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN 1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Mali 5. Mali 6. Tama 7. Tama 8. Tama 9. Mali 10. Tama	TUKLASIN 1. Watawat 2. Manga 3. Agila 4. Kalabaw 5. Bulkan 6. Mayon	PAGYAMANIN A. Sagot: B, C, D, E B. Ang Pilipinas ay isang bansa na may naninirahang mga tao, may sariling teritoryo, may pamahalaan na nangangalaga sa mga ito, at may soberanya o ganap na kalayaan upang mapamahalaan ito. C. 1. TAMA 2. MALI 3. TAMA 4. TAMA 5. TAMA D. Tao, Teritoryo, Pamahalaan, Soberanya S A K T O S- Tao A- Panloob K- Soberanya T- Bansa O- Teritoryo
---	--	---

KARAGDAGANG GAWAIN

GAWAIN 1

Ang isang bansa ay lugar o teritoryo na may naninirahang grupo ng tao, may pamahalaan, at may soberanya.

Isang bansa ang Pilipinas dahil nagtataglay ito ng 4 na elemento ng pagkabansa.

GAWAIN 2

1. Bansa - isang lugar o teritoryo na may naninirahang grupo ng tao, may pamahalaan at may soberanya.

2. Soberanya - kapangyarihan ng isang bansa na mamahala

3. Tao - grupong naninirahan sa teritoryo

4. Pamahalaan - organisasyong pulitikal na nagpapanatili ng sibilisadong lipunan.

5. Teritoryo- lugar kung saan naninirahan ang mga tao.

(Tanggapin ang sagot ng bata batay sa kanyang pagkaunawa.)

ISALIP Depende sa sagot ng bata. Gamitin ang rubriks sa pagbibigay ng puntos	ISAGAWA Depende sa sagot ng bata. Gamitin ang Rubriks sa pagbibigay ng puntos.
1. A 2. B 3. C 4. C 5. A 6. D 7. D 8. C 9. A 10. D TAYAHIN	

Sanggunian

Department of Education. *Araling Panlipunan 4, Learner's Materials*.
Pasig City: Instructional Materials Secretariat (DepEd-IMCS), 2015.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph